*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA TAKIPSILIM

Ika-27 ng Mayo, 2026

{ Ika-8 Miyerkules sa Karaniwang Panahon }

LITURGY OF THE HOURS

EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

O sambahin ang hari na makapangyarihan,
Tagapagtanggol natin at ang tanging sanggalang,
O ipagbunyi natin kanyang kaliwanagan,
Sa gitna man ng dilim, siya'y papupurihan.

Ang daigdig na ito ay nilikha ng Diyos,
Ayon sa kanyang piano, na di kayang matarok,
Ano'ng dilang uusal sa biyaya n'yang dulot
Kahit sa kalikasa'y dumadaloy ang handog.

Sa 'yo nagtitiwala, di kami binibigo,
Awa mo ay sagana, sa 'mi'y di lumalayo,
Lakas nami't pag-ibig, alay nami'y pagsuyo,
Ang lagi kang sambahi'y kasiyahan ng puso.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Panginoon, kamangha-mangha ang karunungan mo, di kayang unawain ng isip ko.

*Salmo 139:1-18, 23-24 (I)*

*(Nakikita ng Diyos ang lahat)*

*I*

Ako'y iyong siniyasat, batid mo ang aking buhay,
Ang lahat kong lihim, PANGINOON, ay tiyak mong nalalaman.
Ang lahat ng gawain ko, sa iyo ay hindi lingid,
Kahit ikaw ay malayo, batid mo ang aking isip.
Ako'y iyong nakikita, gumagawa o hindi man,

Ang lahat ng gawain ko'y pawang iyong nalalaman.

Di pa ako umiimik, yaong aking sasabihi'y
Alam mo nang lahat iyon, lahat ay di malilihim.
Ika'y laging kapiling ko, katabi ko oras-oras,
Ang likas mong kalakasan ang sa aki'y nag-iingat.
Nagtataka ang sarili't alam mo ang aking buhay,
Di ko kayang unawain iyang iyong karunungan.

Saan ako magpupunta, upang ako'y makatakas?
Sa Banal mong Espiritu'y hindi ako makaiwas.
Kung langit ang puntahan ko, pihong ikaw'y naroroon,
Sa Sheol ay naroon ka kung do'n ako manganganlong;

Kung ako ay makalipad, umiwas na pasilangan,
O kaya ang tirahan ko'y ang duluhan ng kanluran;
Pihong ikaw ay naroon, upang ako'y pangunahan,
Matatagpo kita roon upang ako ay tulungan.

Kung ang aking pagtaguan ay ang dilim na pusikit,
Padiliming parang gabi ang liwanag sa paligid;
Maging itong kadiliman sa iyo ay hindi dilim,
At sa iyo yaong gabi'y parang araw na maningning,
Madilim ma't maliwanag, sa iyo ay pareho rin.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, kamangha-mangha ang karunungan mo, di kayang unawain ng isip ko.

*Antipona 2*

Ako ang Panginoon: sinisiyasat ko ang isipan at tinitingnan ang kalooban; aking ibinibigay kaninuman ang naaayon sa kanyang inasal.

*II*

Ang anumang aking sangkap, ikaw O Diyos ang lurmikha,
Sa tiyan ng aking ina'y hinugis mo akong bata.
Pinupuri kita, O Diyos, marapat kang katakutan,

Ang lahat ng gawain mo ay kahanga-hangang tunay;
Sa loob ng aking puso, lahat ito'y nakikintal.

Ang buto ko sa katawan noong iyon ay hugisin,
Sa loob ng bahay-bata doo'y iyong napapansin;
Lumalaki ako roong sa iyo'y di nalilihim.

Ako'y iyong nakita na, hindi pa man sumisilang,
Batid mo kung ilang taon ang haba ng aking buhay;
Pagkat ito'y nakatitik sa aklat mo na talaan,
Matagal nang balangkas mong ikaw lamang ang may alam.

Tunay, PANGINOON, di ko kayang matarok ang iyong isip,
Ang dami ng iyong balak ay hindi ko nababatid;
Kung ito ay bibilangin, ay sindami ng buhangin,
Sasaiyo pa rin ako kung umaga na magising.

O Diyos, ako'y siyasatin, alamin ang aking isip,
Subukin mo ako ngayon, kung ano ang aking nais;
Kung ako ay hindi tapat, ito'y iyong nababatid,
Sa buhay na walang hanggan, samahan mo at ihatid.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ako ang Panginoon: sinisiyasat ko ang isipan at tinitingnan ang kalooban; aking ibinibigay kaninuman ang naaayon sa kanyang inasal.

*Antipona 3*

Sa pamamagitan ni Kristo ay nilikha ang lahat at siya ang may hawak ng lahat nang sa kanya'y nalikha.

*Awit: Colosas 1:12-20*

*(Si Kristo ang panganay na Anak ng sangnilikha at ng mga patay)*

Magpasalamat kayo sa Ama,
Sapagkat minarapat niyang ibilang kayo sa mga hinirang
Na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan.

Iniligtas niya tayo
Sa kapangyarihan ng kadiliman

At inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.
Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya
At pinatawad sa ating mga kasalanan.

Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita,
At siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,
Nakikita man o hindi;

Pati ang mga naghahari at namamahala,
Mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal
Ay pawang nilikha ng Diyos
Sa pamamagitan niya at para sa kanya.
Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay
Ang kaayusan ng lahat ng bagay.

Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan.
Siya ang Una, ang panganay na Anak —
Ang unang nabuhay na muli
Upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan
Ay manatili rin sa Anak,
At inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak.
Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus,
Nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha
Sa langit at sa lupa.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa pamamagitan ni Kristo ay nilikha ang lahat at siya ang may hawak ng lahat nang sa kanya'y nalikha.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Juan 2:3-6*

Nakatitiyak tayong nakikilala natin ang Diyos kung sinusunod

natin ang kanyang mga utos. Ang nagsasabing, "Nakikilala ko siya," ngunit sumusuway naman sa kanyang mga utos ay sinungaling, at wala sa kanya ang katotohanan. Ngunit ang tumutupad sa salita ng Diyos ay umiibig sa kanya nang wagas. Ganito natin nalalamang tayo'y nasa kanya. Ang nagsasabing nananatili siya sa Diyos ay dapat mamuhay tulad ng pagkapamuhay ni Hesukristo.

*Tugunan*

Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.

— Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.

Pagbuklurin kami sa ilalim ng iyong kandili at angkinin,

— at itangi sa iyong paningin.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Angkinin mo kami, Panginoon, at itangi sa iyong paningin.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Panginoon, sa lakas ng iyong bisig pangalatin mo ang mga palalo ang isipan at itaas ang mga nasa abang kalagayan.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, sa lakas ng iyong bisig pangalatin mo ang mga palalo ang isipan at itaas ang mga nasa abang kalagayan.

## Pangkalahatang Panalangin

Purihin natin ang walang hanggang Ama na dinarakila sa buong kalangitan dahil sa kanyang awa sa kanyang bayan:

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Alalahanin mo, Panginoon, na iyong isinugo ang iyong Anak sa daigdig upang maging Manunubos, at hindi bilang Hukom ng sangkatauhan,
ang kanya nawang maluwalhating kamatayan ang magdala sa amin sa kaligtasan.

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Hinirang mo ang mga pari upang maging lingkod ni Kristo at tagapangasiwa ng iyong mga kamangha-manghang biyaya,
paunlarin sila sa karunungan, pag-ibig at pananampalataya.

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Tinawag mo ang mga kalalakihan at kababaihan sa kalinisan para sa kapakanan ng iyong kaharian,
tulutan silang masundan ang iyong Anak nang buong katapatan.

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Sa simula't simula pa, niloob mong maging isa sa kasal ang lalaki at

babae,
pagbuklurin ang lahat ng mag-anak sa wagas na pagmamahalan.

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

Isinugo mo si Kristo Hesus sa daigdig upang patawarin ang mga sala ng tao,
palayain sa kanilang kasalanan ang lahat ng mga yumao.

— Magalak ang mga umaasa sa iyo, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
binusog mo ang mga nagugutom ng mga mabubuting bagay.
Alalahanin ang iyong walang hanggang awa.
Tunghayan ang aming karukhaan
at tulutan kaming makabahagi
sa yaman ng iyong buhay at pagmamahal.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

United States of America

*www.ebreviary.com*